



March 23 - 27, 2020

Pagsasanay # 1

Panuto: Bilugan sa bawat bilang ang salita o parilala na kasingkahulugan ng salitang nakapahilis at pagkatapos gamitin sa sariling pangungusap. Isulat ang sagot sa isang buong papel.
(10 puntos).

1. *Nahabag* ang Moro sa binatang kinubkob at nababalot ng hirap.

Pangungusap: _____

2. *Naamis* ng Moro ang mababangis at galit na mga leon. Ngunit sa kaniyang tapang at lakas ay talagang matatalo niya ito.

Pangungusap: _____

3. Ang *marawal* na kaaway ay simbangis ng leon na nagugutom. Isa siyang hamak na tulad ng hayop ang asal.

Pangungusap: _____

4. Sa kaniyang paggising, *natatap* niya nag kaniyang tagapagligtas. Nalaman niyang siya nga ay ligtas na.

Pangungusap: _____

5. Nagulat ang Moro at *pinapangalisag* ang kaniyang balahibo. Tumindig ang kaniyang balahino sa panganib na magaganap.

Pangungusap: _____

Pagsasanay # 2

Panuto: Basahin ang “Ang Pagsaklolo ng Morong Gerero” sa buod ng saknong 108- 170 at sagutan ang mga sumusunod na katanungan. (20 puntos)

1. Ano ang panganib na nakaamba kay Florante?
2. Isa- isahin ang damdaming namamayani kay Florante sa mga sandal ng nakaambang panganib.
3. Paano nahanap ng Moro si Florante?

4. Paano tinulungan ng Moro si Florante?
5. Bakit nagulat at natakot si Florante nang Makita ang Moro?
6. Paano pinahupa ng Moro si Florante at ilahad ang paniniwalang kaniyang ibinahagi sa binata?
7. Bakit nalungkot ang Moro sa naging tugon ni Florante sa ginawa nitong pagliligtas sa kaniyan buhay?
8. Anong pagpapahalaga ang maiuugnay sa ginawang pagtulong ng Moro kay Florante?
9. Paano mo pinipili ang iyong magiging kaibigan? Mahalaga ba na iisa ang relihiyong inyong pinaniniwalaan? Bakit?
10. Paano nakatutulong ang relihiyon sa buhay ng tao?

Sanggunian: Filipino ng Lahi 8 pp. 272-274

Florante at Laura ni Virgilio S. Almario pp.61-71